

.TAXI.

-Ni: Correction Fluid-

PASADO alas onse na ng gabi ng matapos kayo sa gawain niyo. Pansamantala ka kasing tumungo sa dormitoryo ng kaklase mo para matapos mo na lahat ng dapat tapusin. Gabundok na pagsusulit ang dapat mong tsekan. Sa kursong pinasok mo, asahan mo na ang tambak na papel na dapat mong iwasto at isauli kinabukasan.

Hinatid ka ng kaklase mo hanggang sa labasan. Habang naglalakad, iniisip mo kung sasakay ka ba ng pampasaherong dyip o hahanap ka na lang ng pampasaherong FX na bumabyahe pa ng mga oras na iyon.

Nasa tapat na kayo ng Dos Castillas ng napansin mong halos wala na ring dumadaang pampasaherong dyip. Palibhasa, dis – oras na ng gabi kaya halos lahat ng nilalang, namamahinga na. Hanggang sa may nagdaang mga **taxi** sa harapan niyo, at doon mo na naisip na iyon na nga lang siguro ang natitirang paraan para makauwi ka ng matiwasy.

May isang dilaw na taxi na nagprisintang ihatid ka sa kung saan man. Pinara mo ito at napagpasyahang iyon na lang ang sakyang.

Hinawakan mo na ang pintuan ng taxi.

“Luds, uwi na ko ha. Text text na lang. Salamat sa dinner.”

“Gags, mag – ingat ka. Oo nga, ang takaw mo. Basta, magtext ka pag nasa terminal ka na ha?”

“Syor! Loveyows!”

At isinara mo na ang pinto.

“Ma’am, saan ho tayo?”

“Sa Cubao terminal ho manong, sa may Baliuag Transit.”

Kasabay ng pagsasaayos mo ng mga dalahin doon sa upuan ay ang pagpapaandar ng tsuper nung taxi. Napansin mo na hindi naman siya nagmamadali. Sakto lang .. tama lang ang timpla ng bilis ng kanyang pagmamaneho na tila, nakikiayon at nakikibagay sa oras nung gabing yon.

Halos tahimik na ang paligid.

Pero dahil sa ang Maynila ay Maynila, may iilang lugar pa rin na buhay na buhay; nagkikislapan pa rin ang mga ilaw sa kalye, nagkalat pa rin ang iilang mga tambay at mga babaeng nagbebenta ng panandaliang aliw sa iilang sulok at eskinita na natatanaw at naaabot ng mga mata mo.

Doon mo napagpasyahang kausapin si Manong.

“Manong, huling byahe niyo na ‘ho?’”

Napansin mo mula salamin na tila .. nagatubili pa siya .. kung sasagutin ka nga ba niya o hahayaan ka na lang na magsalita ng magsalita.

Pero nagulat ka nung sumagot siya sa tanong mo.

“Hindi pa ho ma’am, hanggang alas – sais pa ho ako ng umaga.”

Nagulat ka at nagtaka. Hindi mo inaasahang maghapon na siya sa pagbyahe’t pagpasada. Kayod kabayo, kapalit ang iilang piraso ng salaping papel at barya.

“Ha?! E di ibig hong sabihing, magdamag na ho kayo pumapasada?”

“Ganon na nga ho ma’am.”

Tiningnan mo muna ang telepono mo. Nagtext ka sa kaibigan mong si Luds. Sinabi mo sa kanya na mukhang maaga kang makakarating sa terminal dahil nga mabilis lang naman ang byahe.

“E pano ho yung mga anak niyo sa bahay? Sino hong kasama nila? Yung asawa niyo ho ba?”

Nakatanggap ka naman ng sagot mula sa kaibigan mo. Ayon sa kanya, nagtext din sa kanya ang nanay mo .. hindi naman galit, hindi rin nagtataka .. lubhang nagaalala lang dahil disoras na nga ng gabi e wala ka pa.

“Wala na ho akong kasama ma’am.”

“Bakit ho?”

Alam mong nanghihimasok ka na sa buhay ng may buhay. Hindi mo alam kung bakit, pero .. may kung anong nagtutulak sayo para patuloy na magtanong ukol sa buhay ni Manong.

“Iniwan ho ako ng asawa ko ma’am. Kasama—“

--“Umalis ho siya? Saan ho nagpunta?”

“E nag - abroad. Isinama pa nga niya yung anak namin. Dalawang taon pa lang si Ana non .. pumayag ho ako, kasi sabi niya, para naman sa pamilya namin kung kaya nagpapetisyon siya sa mga magulang niya .. e kaso, nabalitaan ko na lang ho na .. nagasawa na pala siya ng iba.”

Ana .. Ana .. A, ewan. Pero alam mo sa sarili mo na may kudlit ng alaala ang pangalang iyon sayo. Hindi mo nga lang matandaan kung paano at sa anong pagkakataon mo ito narinig.

“Ganon po ba .. e may iba ho ba kayong pamilya?”

“Meron naman ho, mga pamangkin ko .. kaso, nagsipag - asawa na rin ho e.”

Awa. Nakakaramdam ka ng awa para kay Manong. Hindi mo maintindihan, hindi mo maunawaan, pero nong mga oras na yon .. iyon talaga ang nararamdaman mo para sa kanya .. walang labis, walang kulang.

“May balita ho ba kayo sa .. sa mag – ina niyo?”

Nadaan niyo na yung St. Lukes. A, ito yung ospital para sa mga may kaya’t may pera. Hindi biru – biro ang serbisyo dito. Tipong “world class” ang dating .. mula sa mga makabagong teknolohiyang ginagamit nila para sa panggagamot hanggang sa hitsura’t disenyo ng bawat sulok .. at garantisadong mamamatay ka muna bago ka mabuhay dahil sa ginto ring presyo.

“Ang huli ko hong balita, nagasawa na rin siya ng ‘Kano.’”

“A .. buti, nakakaya niyo pa ho?”

Tawa. Napatawa ka. Isang kinulang na tawa na tipong sa pandinig e nakakainis na. Halos kapareho rin kasi ng sitwasyon ng pamilya mo .. kung matatawag nga ba itong pamilya, yung sitwasyon ni Manong.

“Kailangang kayanin ma’am. Kung susuko ho ako, e wala na hong mangyayari sa buhay ko.”

“Tama nga ho naman .. basta, wag ho kayong susuko, Manong.”

Nagtipa ka sa telepono mo ng mensahe para sa nanay mo. Sinabi mo sa kanya na malapit ka na sa terminal. Sumagot naman siya sayo, at ayon sa kanya .. nagaalala na rin ang amain mo dahil nga gabing – gabi na, pero ni anino mo, wala pa.

“Kayo ma’am? Bakit ho kayo naguuwian?”

“Ah .. e kasi ho manong, ayaw ho ng nanay ko na tumira ako sa dorm. Liban sa delikado, mas gusto ko rin ho na umuuwi araw – araw. Sanay na ho kasi e. Apat na taon na rin ho akong ganito.”

“Pero, diba .. mas delikado ho pag ganyan? Paano na lang ho pag wala na kayong masakyan?”

Tanong. May nabuong tanong sa isip mo. Oo nga naman, paano nga naman kung nagkataong wala kang masakyan?

Pero sabi mo nga .. sa daang – daang tao na nagtanong, nagtatanong at magtatanong pa sayo ..

“Para – paraan lang ho yan, Manong.”

“Buti ma’am, hindi ho kayo natatakot?”

“Kung matatakot ho ako, wala na hong mangyayari sa buhay ko.”

“Nanggagaya ho kayo ng dialogue.”

“E, totoo naman ho Manong, di po ba? Kung magpapadala ho tayo sa takot at sa lahat ng pagsubok, hindi na ho tayo makakalakad para magpatuloy .. pati na rin ho ang makabangon sakali mang madapa ho tayo.”

“Alam niyo ho ma’am .. nakakatuwa kayo.”

Pagtataka. Kung kanina, nagtatanong ang isip mo .. ngayon naman, may nabuo ng agam - agam mula sa sandamakmak na ideya na nabubuo sa utak mo.

“B-bakit naman ho?”

“Ganyan ho kasi lagi yung pangaral ko nun sa anak ko .. kay Ana. Lagi kong sinasabi sa kanya yan nung natutumba siya sa paglalakad.”

Tipid na ngiti lang ang isinagot mo sa tinuran niya .. sa tinuran ni Manong.

Kaunting metro na lang at malapit na kayo sa E. Rodriguez. Muli, tulad ng mga eskinita at sulok na nagkikislapan kanina, buhay na buhay pa rin ang lugar na ‘to .. Samut – saring sasakyan pa rin ang patuloy na umaandar .. Kanya – kanyang busina, kanya – kanyang diskarte para ipagpatuloy ang byahe ng kani – kanilang mga buhay.

“Ang ganda naman ho ng pangalan ng anak niyo. Ana lang ho talaga?”

“Hindi ho .. Anastasia Getrude talaga yung pangalan niya. Siguro ma’am, halos kaedaran niyo lang din ho yun ngayon kung .. n-nandito lang siya.”

Kaba. Kinabahan ka dahil sa narinig mo mula sa kanya .. sa mga salitang narinig mo mula kay Manong. Sa isang balita na sa tingin mo ...

“Mama, bakit po tayo babalik ng Pilipinas?”

“Hahanapin natin ang tatay mo.”

“E di po ba mama, sabi niyo po, wala na siya?”

“Sinabi ko lang yun para hindi mo na siya hanapin .. para hindi mo na siya iyakan .. pero, gusto ko na sa tamang panahon .. babalik tayo sa kanya .. para naman makilala mo siya kahit na may stepdad ka na.”

“Mama, baka magalit siya satin ..”

*“Hindi ko alam **Ana**, hindi ko alam. Pero, wala naman sigurong masama kung susubukan natin diba?”*

Nagbalik sa alaala mo yung panahon na sampung taong gulang ka pa lang. Ito rin yung panahon na sinabi sayo ng nanay mo na babalik nga kayo sa bayan kung saan ka isinilang, kung saan ka nagmula.

Nagbalik ka lang sa reyalidad ng may natanggap kang mensahe mula sa nanay mo.

Fr: Mama

*Anak, nahanap na raw ni Pards yung tatay mo. Nasa Maynila siya .. at ang sabi pa, **taxi** driver daw.*

Hindi mo alam kung paano sasagutin ang mensahe sa telepono mo.

Malapit na kayo sa terminal.

Napatingin ka tuloy ng di – oras sa bill mo.

150 pesos.

“Ma’am .. nandito na ho tayo.”

“S-salamat po, salamat po, Manong.”

Inabot mo sa kanya ng buo ang isang salaping papel na kulay dilaw at may matingkad na disenyo. Aabutan ka pa sana niya ng sukli pero tumanggi ka at sinabi mong konting tulong na lang para sa kanya na mula sa kaibuturan ng puso mo.

“Naku ma’am, salamat ho. Salamat ho talaga. Pwede na ho akong umuwi nito. Boundary ko na ho ‘to. Sobra pa nga ho kung tutuosin.”

“Wala hong anuman. Ano nga ho palang pangalan niyo, Manong?”

“Ah .. ano po ..”

“Mama, ano pong pangalan ni Tatay?”

“Ah .. siya ba?”

Naalala mo na naman ang pangyayari sa buhay mo .. sampung taon na ang nakalipas. Nakasakay lkayo ng nanay mo sa eroplanong pauwi na ng Pinas .. at tinanong mo siya ukol sa pangalan ng tatay mo.

Sa halip na sumagot, tipid na ngiti lang ang itinugon ng nanay mo .. sabay tingin sa bintanang nasa gilid mo. Kitang kita ng nanay mo ang mapuputing ulap na nakapalibot sa buong kalangitan.

“Roger po, ma’am.”

“S-salamat ho ulit.”

“Wala hong anuman ma’am, at maraming salamat din po.”

Nasumpungan mo na lang ang sarili mo na pinagmamasdan ang papalayong **taxi**. Nasa tapat ka na mismo ng terminal. Dinig na dinig mo ang naguunahang busina ng ibat – ibang klase ng bus na humaharurot sa daanan. Kayod kabayo, kayod kalabaw kapalit ang iilang salaping papel at barya na sasagot sa kanilang mga inaasam. Nakikipagunahan din ang bus na nagaantay sa mga pasaherong ginagawang umaga ang gabi, gabi ang umaga para lamang matugunan ang kanilang mga pangangailangan.

Unti – unti namang nagiging anino sa paningin mo ang **taxi** na kanina lang ay sinakyan mo.

Unti – unti.

Pawala na ito ng pawala.

Hanggang sa hindi na ito maabot at maaninag ng iyong mga mata.

“O, Baliuag, San Miguel, Gapan .. last trip na ho!”

Sa pagsigaw ng konduktor ng bus ka pa nahimasmasan.

At saka mo muling naalala ..

Ang iyong ama ..

Na **Roger** ang pangalan.

-THE END-

(c August 9, 2012 by CorrectioFluid)